**Pambansang Samahan sa Linggwistika**
**at Literaturang Filipino**

17 Hulyo 2019

_____
_____
_____

Mahal na _____,

Malugod po namin kayong iniimbitahang maging kalahok sa **Suri, Saliksik, Sanay 3: Pambansang Kumperensya at Seminar-Worksyap 2019 ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) na may temang "Kulturang Popular, Pagsasalin, at Mga Inobasyon sa Pedagohiya ng Filipino at Panitikan" sa Oktubre 23-26, 2019** (Miyerkoles hanggang Sabado); 8am-5pm sa St. Scholastica's College Manila (Day 1); at Citystate Tower Hotel, Ermita, Manila (Day 2-4).

**ANG SEMINAR NA ITO AY IPINAG-APLAY NG PSLLF NG CPD, AT MAGKAKAROON NG KARAMPATANG CREDIT UNITS, BATAY SA MAGIGING DESISYON NG PRC.**

**Narito po ang detalye hinggil sa rehistrasyon:**
**EARLY BIRD RATE para sa lahat: 3,500 piso (Hulyo 16-Agosto 16, 2019)**
**EARLY BIRD DATE para sa miyembro ng PSLLF: 3,500 (Hulyo 16-Agosto 31, 2019)**
**REGULAR RATE: 4,000 piso (Setyembre 1-Oktubre 23, 2019)**

ACCOUNT NAME: Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino Inc.
ACCOUNT NUMBER (UCPB-Vito Cruz): 10-120-0000-932
Pwede ring sa LBC magbayad. SABIHIN LAMANG SA LBC na magreremit/magpapadeposit sa UCPB account ng PSLLF.

ISCAN/PIKTYURAN ang DEPOSIT SLIP/TRANSACTION SLIP at i-email sa psllf.org@gmail.com at DALIN SA ARAW NG SEMINAR. Banggitin sa email kung kanino ipapangalan ang resibo ng rehistrasyon, gayundin ang inyong contact number.

Kanya-kanyang gastos po sa pagkain sa Day 1 ng seminar. Kanya-kanya ring gastos sa at paghahanap ng akomodasyon. Ang registration fee ay para sa pagkain (meryenda sa umaga, tanghalian, at meryenda sa hapon) at venue sa Day 2-4 ng seminar. Para sa nangangailangan ng matutuluyan: Citystate Tower Hotel: (02) 708-9600 to 09 at 314-5144; UCCP Shalom Center: 0917-886-1017/(02) 524-6242; Lotus Garden Hotel: (02) 522-1515 at 522-0768 (Lotus Garden Hotel); YMCA: (02) 527-6982 to 85 o 528-0559; Boy Scouts of the Philippines: (02) 522-0047; PNU Hostel: 317-1768 loc.773/531

**Maaari na ring magpareserba ng slot sa http://bit.ly/PSLLFOctober2019**
Para sa update o mga katanungan: **www.facebook.com/PSLLF** at **jgeronimo.ust@gmail.com** o **psllf.org@gmail.com**

Kalakip po ng liham na ito ang Training Matrix at programa ng aktibidad na ito.

Sumasainyo,

**G. Jonathan V. Geronimo**
Ko-Direktor, Pambansang Kumperensya at Seminar-Worksyap 2019

**PROGRAMA**

**Suri, Saliksik, Sanay 3: Pambansang Kumperensya at Seminar-Worksyap 2019 ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)**

**Tema: Kulturang Popular, Pagsasalin, at Mga Inobasyon sa Pedagohiya ng Filipino at Panitikan**

**23-26 Oktubre 2019*8am-5pm*Maynila**

**Mga Tiyak na Layunin ng Aktibidad:**

- Maitaas ang antas ng kaalaman ng mga guro hinggil sa adyenda sa pananaliksik sa larangan ng kulturang popular, pagsasalin at pedagohiya ng Filipino at Panitikan
- Maitaas ang antas ng kaalaman, kamalayan, at kasanayan ng mga guro hinggil sa kulturang popular bilang materyal na panturo
- Maitaas ang antas ng kaalaman, kamalayan, at kasanayan ng mga guro hinggil sa mga metodo sa pananaliksik sa kulturang popular
- Maitaas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsasaling pampanitikan
- Maitaas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsasaling teknikal
- Maunawaan at maisapraktika ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mga interdisiplinaring asignatura
- Maunawaan at maisapraktika ang mga inobasyon sa dulog, estratehiya, at teknik sa pagtuturo ng Filipino at Panitikan

**PROGRAMA**

**Araw 1: Oktubre 23, 2019 (Miyerkoles)**

Panalangin at Pambansang Awit

Bating Pagtanggap – Dr. David Michael San Juan (Pangulo, PSLLF/Associate Professor, DLSU)

8am – 9:00 am: Lekturang Talakayan/Susing Panayam

Adyenda sa Pananaliksik sa Larangan ng Kulturang Popular, Pagsasalin at Pedagohiya ng Filipino at Panitikan – Dr. Feorillo Demeterio III (DLSU)

9:00 – 12:00 noon: Unang Bahagi ng Kumperensya: Presentasyon ng Piling Kalahok sa GAWAD PSLLF sa SALIKSIK 2019 (Natatanging Tesis at Disertasyon)

*(Presentasyon ng piling tesis o disertasyon sa antas gradwado ng piling kalahok sa Gawad PSLLF sa Saliksik 2019. Nasa attachment ang Panawagan para sa mga Kalahok sa Gawad PSLLF sa Saliksik 2019)*

12 noon – 1pm: Tanghalian

1-5pm: Ikalawang Bahagi ng Kumperensya: Presentasyon ng Papel-Pananaliksik

*(Presentasyon ng piling papel-pananaliksik alinsunod sa ilalabas na Panawagan para sa Mga Papel/Call for Papers. May 30 minutong ilalaan sa kada presentor. Maaaring maging mga sesyong paralel kung marami ang nagpasa at nakapasa sa screening committee. Nasa attachment ang Panawagan para sa Mga Papel)*

**Araw 2: Oktubre 24, 2019 (Huwebes)**

8am – 12 noon : Lekturang Talakayan at Worksyap

Kulturang Popular Bilang Materyal na Panturo – Prop. Jonathan V. Geronimo (UST/PSLLF)

Mga Metodo sa Pananaliksik sa Kulturang Popular – Dr. Rowell Madula (DLSU)

12 noon – 1pm : Tanghalian

1-5pm: Lekturang Talakayan at Worksyap

Pagsasalin ng Mga Akdang Pampanitikan: Teorya at Praktika – Dr. Aurora E. Batnag (PSLLF/DLSU)

Pagsasaling Teknikal – Dr. Raquel Sison-Buban (DLSU)

**Araw 3: Oktubre 25, 2019 (Biyernes)**

8am – 12 noon : Lekturang Talakayan at Worksyap

Kultura at Pagsasalin sa Sikolohiya – Dr. Ester Rada (SBU/PSLLF)

Pagtuturo at Pananaliksik sa Sikolohiya ng Wikang Filipino – Prop. Jayson Petras (UPD/PSLLF)

12 noon – 1pm : Tanghalian

1-5pm: Lekturang Talakayan at Worksyap

Wikang Malay sa Kasarian sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan – Prop. Crizel Sicat-De Laza (UPD/PSLLF)

**Araw 4: Oktubre 26, 2019 (Sabado)**

8am – 12 noon : Lekturang Talakayan at Worksyap

Teorya at Praktika sa Pagtuturo ng Panitikan at Pelikula sa Kolehiyo – Dr. David Michael M. San Juan (DLSU/PSLLF)

12 noon – 1pm : Tanghalian

1-5pm: Lekturang Talakayan at Worksyap

Kasanayang PangSiglo 21 sa Filipino at Panitikan – Prop. Alvin Ringgo Reyes (UST/PSLLF)

Blended Learning Bilang Lunsaran ng Mga Performance Task sa Filipino – Prop. Emma Olila-Sison (DLSU/PSLLF)

**PANAWAGAN SA PAGPAPASA NG ABSTRAK NG PAPEL-PANANALIKSIK PARA SA SURI, SALIKSIK, SANAY 3: PAMBANSANG KUMPERENSYA AT SEMINAR-WORKSYAP 2019 NG PSLLF**

Ang SURI, SALIKSIK, SANAY ay taunang pambansang kumperensya at seminar-worksyap na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Tampok sa unang araw ng nasabing akademikong pagtitipon ang pagbabasa ng mga papel-pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino at pumapaksa sa iba't ibang kaalaman, isyu at penomenon sa wika, panitikan, pagsasalin, pedagohiya ng Filipino at Panitikan, at iba pang larangang nagpapalakas sa Filipino bilang wikang intelektuwal at panlipunan. Ang pangkalahatang tema sa taong ito ay "Kulturang Popular, Pagsasalin, at Mga Inobasyon sa Pedagohiya ng Filipino at Panitikan."

Kaugnay nito, iniimbitahan ang mga guro, mananaliksik at iskolar ng wikang Filipino na magpasa ng kanilang pananaliksik papel na maaaring sumaklaw sa alinman sa mga sumusunod na ispesipikong paksa at mga katulad at kaugnay na paksa sa mga eryang nabanggit:

- Kulturang Popular Bilang Materyal na Panturo
- Kulturang Popular sa Kurikulum
- Teorya at/o Praktika ng Pagsasaling-Wika at Araling Salin
- Pagsasaling-Wika sa Kurikulum
- Diskurso at/o Mga Varayti ng Wika sa Pagsasalin
- Pedagohiya ng Filipino
- Pedagohiya ng Panitikan
- Pagtuturo ng Filipino sa Iba't Ibang Antas
- Pagsasaling Intertekstuwal
- Pagbubuo ng Materyal na Panturo sa Filipino at/o Panitikan
- Panununing Pampanitikan
- Kulturang Popular at/sa Panitikan
- Pagsusuri ng Mga Obra Maestra
- Kulturang Popular at/sa sa Social Media
- Panitikang Rehiyonal at/o Nasyonal
- Pagsasalin ng Akdang Pampanitikan
- Pananaliksik sa Kulturang Popular
- Filipino at/o Panitikan sa Bagong Kurikulum
- Pagsusuri sa Implementasyon at/o Inobasyon sa MTB-MLE
- Panitikang ASEAN at Global
- Transpormatibong Dulog sa Filipino at/o Panitikan
- Mga Isyu at Kalakaran sa Pedagohiyang Filipino
- Interdisiplinaring Pagtuturo ng/sa Filipino

Ipadala ang word file ng abstrak na hindi hihigit sa 300 salita, kalakip ang inyong buong pangalan, paaralang pinagtuturuan o institusyong pinagtatrabahuhan, email address at contact number sa **jgeronimo.ust@gmail.com**. Lagyan ng subject na: PSLLF-Abstrak

Ang deadline ng pagpapasa ng abstrak ay sa **Agosto 31, 2019**. Padadalhan ng opisyal na liham ang lahat ng mananaliksik na tanggap at hindi tanggap para sa presentasyon batay sa isasagawang ebalwasyon ng nakatakdang komite. Gayundin, ilalathala sa opisyal na Facebook page at website ng PSLLF ang listahan ng mga papel-pananaliksik na nakapasa sa **Setyembre 13, 2019.** Hindi required ang pagpapasa ng buong papel. Bibigyan ng sertipiko ang lahat ng mapipiling magpresenta ng pananaliksik ngunit inaasahang ang mga mananaliksik ay rehistrado bilang kalahok ng pambansang kumperensya.

**PANAWAGAN SA PAGLAHOK SA 2019 GAWAD PSLLF SA SALIKSIK**
**(NATATANGING TESIS AT DISERTASYON)**

**Mga Tuntunin**

1. Ang Gawad PSLLF sa Saliksik ay taunang timpalak na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literatura upang parangalan ang pinakamahusay na tesis o disertasyon na nakasulat sa wikang Filipino.
2. Bukas ang timpalak sa lahat ng aktibong miyembro ng PSLLF, maliban sa mga opisyal ng Samahan at mga kaanak nila. Sinumang hindi pa miyembro ay kailangang magpamiyembro upang makalahok sa timpalak.
3. Ang lahok ay kailangang makapasa sa sumusunod na kraytirya:
    a. Tapos nang tesis o disertasyon (panahong saklaw: 2016-2019)
    b. Tungkol sa alinmang paksa
    c. Nakasulat sa wikang Filipino
    d. Naiharap na sa panel ng mga tagasuri
    e. Tinanggap na ng kaguruan ng pamantasang pinagtapusan ng kalahok
4. Upang makasali, ipapadala ng kalahok sa pdf format ang kanyang isinagawang pag-aaral at magsusumite ng bukod na abstrak ng pag-aaral na hindi lalampas sa 350 salita. Banggitin sa abstrak ang layon, metodolohiya, at resulta o natuklasan sa pag-aaral. Hindi na kailangang isama sa abstrak ang mga talahanayan, tsart, at iba pang katulad.
5. Nasa ibaba ang mahahalagang petsa kaugnay ng timpalak:
    a. Huling araw ng pagpapasa ng entri: Setyembre 15, 2019
    b. Pagpili ng mga finalist: Set. 16-Okt. 13, 2019
    c. Patalastas sa mga finalist: Okt. 15, 2019
    d. Presentasyon ng 3 finalist: Okt. 23, 2019 (unang araw ng SURI, SALIKSIK, SANAY 3: Pambansang Kumperensiya at Seminar-Worksyap ng PSLLF). Sa araw na ito pipiliin ang magwawagi batay sa preliminaryong pagtataya sa nilalaman ng papel (50%) at husay ng presentasyon (50%).
6. Lahat ng kalahok ay tatanggap ng Katibayan ng Paglahok. Ang 3 finalist ay tatanggap ng Katibayan ng Kahusayan. Isa lamang ang magwawagi na tatanggap ng premyong salapi at Plake ng Pagpapahalaga, na sariling disenyo ng PSLLF.
7. Ang tatlong finalist ay makalalahok nang libre sa unang araw ng kumperensiya (Okt. 23).
8. Ipadala ang buong papel at abstrak sa tagapangulo ng timpalak na si Dr. Aurora E. Batnag, email address: **au@batnag.org**

**Suri, Saliksik, Sanay 3: Pambansang Kumperensya at Seminar-Worksyap 2019 ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)**
**Tema: Kulturang Popular, Pagsasalin, at Mga Inobasyon sa Pedagohiya ng Filipino at Panitikan**
**23-26 Oktubre 2019*8am-5pm*Maynila**

**TRAINING MATRIX**

| Time Frame | Araw 1 (Oktubre 23) | Araw 2 (Oktubre 24) | Araw 3 (Oktubre 25) | Araw 4 (Oktubre 26) |
|---|---|---|---|---|
| 7:00-8:00 am | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda |
| 8:00-9:00 am | *Panimulang Mga Aktibidad<br>* Adyenda sa Pananaliksik sa Larangan ng Kulturang Popular, Pagsasalin at Pedagohiya ng Filipino at Panitikan<br><br>* Unang Bahagi ng Kumperensya:<br>Presentasyon ng Piling Kalahok sa GAWAD PSLLF sa SALIKSIK 2019 (Natatanging Tesis at Disertasyon) | * Kulturang Popular Bilang Materyal na Panturo<br><br>* Mga Metodo sa Pananaliksik sa Kulturang Popular | * Kultura at Pagsasalin sa Sikolohiya<br><br>*Pagtuturo at Pananaliksik sa Sikolohiya ng Wikang Filipino | * Teorya at Praktika sa Pagtuturo ng Panitikan at Pelikula sa Kolehiyo |
| 9:00-10:00 am | | | | |
| 10:00-11:00 am | | | | |
| 11:00-12:00noon | | | | |
| 12:00-1:00 pm | Tanghalian | Tanghalian | Tanghalian | Tanghalian |
| 1:00-2:00 pm | *Ikalawang Bahagi ng Kumperensya:<br>Presentasyon ng Papel-Pananaliksik | *Pagsasalin ng Mga Akdang Pampanitikan: Teorya at Praktika<br><br>*Pagsasaling Teknikal | * Wikang Malay sa Kasarian sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan | *Kasanayang PangSiglo 21 sa Filipino at Panitikan<br><br>*Blended Learning Bilang Lunsaran ng Mga Performance Task sa Filipino |
| 2:00-3:00 pm | | | | |
| 3:00-4:00 pm | | | | |
| 4:00-5:00 pm | | | | |